

## Ang mga pang-emergency na benepisyong SNAP na nagsimula noong pandemya ay nagtatapos na sa buong bansa. Narito ang kailangan mong malaman.

Tulad ng maaaring narinig mo, ang pansamantalang pagtaas ng mga benepisyong SNAP na inilaan sa panahon ng pandemya ay nagtatapos na. Maaaring magsimula kang makatanggap ng mas kaunting pera sa mga EBT card mo.

### Q. Ano ang kahulugan para sa akin ng pagtatapos ng pang-emergency na benepisyong SNAP sa panahon ng pandemya?

- A. Ang mga tumatanggap ng SNAP ay patuloy na makatanggap ng mga mas mataas na halaga ng benepisyong para sa Enero at Pebrero 2023 ([sa 30-plus na estado na nagpapatuloy na maghandog ng karagdagang tulong na ito](#)). Ngunit ang mga halaga ng benepisyong sa Marso 2023 sa buong bansa ay babalik sa mas mababa at bago mag-COVID na mga antas. Alam namin na ang pagbawas sa benepisyong ito ay negatibong makakaapekto sa mga budget sa pagkain sa sambahayan ng maraming tao. Hinihikayat ka naming [bumisita sa pinakamalapit na food pantry para sa karagdagang tulong](#).

### Q. Magkano ang ibababa ng mga benepisyong SNAP?

- A. Ang pansamantala at nauugnay sa COVID na pagtaas sa mga benepisyong SNAP, kilala rin bilang mga pang-emergency na paglalaan ng SNAP, ay nagbigay sa mga sambahayan ng karagdagang \$95 sa mga benepisyong sa bawat buwan o ng maximum na benepisyong para sa laki ng kanilang sambahayan, alinmang halaga ang mas malaki.

Ang pagkapaso ng pang-emergency na tulong na ito ay magpapababa sa mga benepisyong SNAP ng average na \$90 sa bawat tao sa bawat taon. Mag-iiba-iba ang halagang ito na higit na nababatay sa mga patakaran sa iyong estado. Hinihikayat ka naming [magtanong sa ahensya ng SNAP sa iyong estado](#) para sa mas partikular na impormasyon kung paano ka maaapektuhan ng pagbabagong ito.

### Q. Paano ko malalaman kung apektado ang estado ko?

- A. Tatlumpu't dalawang estado at tatlong teritoryo ay apektado ng pagbabagong ito sa mga benepisyong SNAP. Ang mga ito ay: Alabama, California, Colorado, Connecticut, Delaware, the District of Columbia, Guam, Hawai'i, Illinois, Kansas, Louisiana, Maine, Maryland, Massachusetts, Michigan, Minnesota, Nevada, New Hampshire, New Jersey, New Mexico, New York, North Carolina, Ohio, Oklahoma, Oregon, Pennsylvania, Rhode Island, South Carolina\*, Texas, U.S. Virgin Islands, Utah, Vermont, Virginia, Washington, West Virginia at Wisconsin.

\*Huminto ang South Carolina sa pagbibigay ng mga pang-emergency na benepisyong SNAP noong Enero 2023.

Ang mga estadong *hindi* nakalista sa itaas ay huminto sa pagbibigay ng mga pang-emergency na benepisyong SNAP noong 2022.

### Q. Anong mga mapagkukunan ang mayroon na makakatulong sa akin?

- A. Ikaw ay lubos naming hinihikayat na samantalain ang mga pagkaltas sa SNAP ng iyong estado para makatanggap ka ng maximum na halaga ng mga benepisyong para kung saan ikaw ay karapat-dapat. Maraming food bank ang makakagabay sa iyo sa aplikasyon sa SNAP at matutulungan kang matukoy at maisama ang mga pagkaltas. Para makahanap ng food bank na makakatulong sa iyo sa aplikasyon sa SNAP, ilagay ang iyong ZIP code sa [food bank locator tool sa website ng Feeding America](#).